# Project EASE

(Effective and Alternative Secondary Education)

# ARALING PANLIPUNAN I



## MODYUL 16
## ANG PAGBABAGO SA IBA'T IBANG PAMAMAHALA

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 16**

**MGA PAGBABAGO SA IBA'T IBANG PAMAMAHALA**



Nang ipahayag ng mga Amerikano ang kalayaan ng Pilipinas noong Hulyo 4, 1946, nagsumigasig ang mga Pilipino na matamo ang inaasam-asam na mithiin: isang bansang mapayapa, may pagkakaisa, at maunlad. Hindi naging madali ang daan upang magkaroon ng katuparan ang mga pangarap na ito. Masalimuot at puno ng iba't ibang balakid ang daan tungo sa inaasam-asam ng mamamayang Pilipino.

Sa buong panahon ng pagsasarili, ang mga Pilipino ay nakaranas ng mga pagsubok na akala nila ay hindi na nila malalampasan. Gayunman, bawat nagdaang administrasyon ng Republika ay nakaranas din ng tagumpay. Bawat isa ay may kani-kaniyang programang ipinatupad at may kani-kaniya ring paraan ng paglutas ng suliranin ng bansa. Ngunit lahat sila ay naglayon na mapanatili ang demokrasya at matugunan ang lumalaking pangangailangan ng bansa. Bagamat binatikos ang kawalan ng kakayahan ng mga naging pangulo na lutasin ang dumaraming suliranin ng bansa, ang bawat panguluhan ay nagsikap na tugunan ang hamon ng pagsasarili at pagiging Malaya.

Tatalakayin sa modyul na ito ang mga naging ambag ng anim na pangulong naglingkod sa simula ng pagsasarili ng Pilipinas matapos ang panahon ng mga Amerikano. Tinatwag ang panahong iyon sa Ikatlong Republika. Handa ka na bang malaman ang kanilang naitulong sa pamamahala ng ating bansa.

May anim na maiikling aralin sa modyul na ito:

- Aralin 1: Pamamahala ni Manuel Roxas
- Aralin 2: Pamamahala ni Elpidio Quirino
- Aralin 3: Pamamahala ni Ramon Magsaysay
- Aralin 4: Pamamahala ni Carlos P. Garcia
- Aralin 5: Pamamahala ni Diosdado Macapagal
- Aralin 6: Pamamahala ni Ferdinand E. Marcos

Pagkatapos ng modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matutukoy kung sino ang mga naging pangulo ng Ikatlong Republika ng Pilipinas;
2. Maipaliliwanag ang mga patakaran at programang ipinatupad sa bawat panguluhan;
3. Masusuri ang mga naging epekto sa mamamayang Pilipino ng mga patakaran at programang ipinatupad;
4. Mapaghahambing ang mga paraan ng pangangasiwa ng iba't ibang pangulo;
5. Mailalarawan ang mga pagsisikap ng bawat administrasyon na maisulong ang pambansang kalayaan at pagsasarili;
6. Maiisa-isa ang naging kahinaan ng bawat panguluhan; at
7. Maiuugnay ang mga kaganapan sa bawat pangasiwaan sa mga kaganapan sa ating kasalukuyang pamahalaan.




**PANIMULANG PAGSUSULIT**

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang unang pangulo ng Ikatlong Republika ng Pilipinas:
   a. Manuel Quezon    c. Manuel Roxas
   b. Sergio Osmeña    d. Jose P. Laurel
2. Naganap noong Hulyo 4, 1946:
   a. Ipinahayag ng mga Amerikano ang kalayaan ng Pilipinas.
   b. Ipinahayag ang kalayaan ng Amerika.
   c. Naganap ang huling halalan sa ilalim ng Komonwelt.
   d. Ipinahayag ni McArthur ang pagtatatag muli ng Pamahalaang Komonwelt sa Tacloban.
3. Nilalaman ng *Treaty of General Relations*:
   a. Binawi at isinuko ng Amerika ang lahat ng pag-aari, pangangasiwa, pananakupan, at kapangyarihan sa buong kapuluan ng Pilipinas maliban sa mga base militar nila sa bansa.
   b. Pagkakaloob ng Amerika ng $20 M bilang tulong sa Pilipinas upang magamit sa pagtatayong muli ng kabuhayan ng bansa.
   c. Magpapadala ng tulong teknikal ang Amerika sa bansa.
   d. Ipatutupad ang malayang kalakalan sa pagitan ng Pilipinas at Amerika.
4. Ang pangunahing suliraning pangkapayapaan ng administrasyong Quirino:
   a. Gerilya    c. Huk
   b. Militarisasyon    d. Terorismo
5. Ang lahat ay naganap sa administrasyong Quirino maliban dito:
   a. PACSA    c. ACCFA
   b. RFC    d. Kasunduang Quirino-Foster
6. Ang nakatulong nang lubos upang mapasuko ang mga Huk.
   a. Ramon Magsaysay    c. Carlos P. Garcia
   b. Elpidio Quirino    d. Diosdado Macapagal
7. Ang samahang naitatag matapos ang *Manila International Conference* noong 1954:
   a. APEC    b. MAPHILINDO    c. ASEAN    d. SEATO
   b.

8. Kilala si Ramon Magsaysay sa mga sumusunod na katangian maliban sa isa:

   a. Kauna-unahang pangulo na nagsuot ng barong Tagalog sa kanyang inagurasyon.
   b. Nagbukas ng Malakanyang sa mga karaniwang tao.
   c. Malapit sa mga ordinaryong mamamayan at nakikisalamuha sa mga tao.
   d. Nagpakita ng nepotismo sa pamamagitan ng pagpapasok ng mga kamag-anak sa pamahalaan.

9. Ang nagpatupad ng *Filipino First Policy*:

   a. Ferdinand E. Marcos　　c. Carlos P. Garcia
   b. Diosdado Macapagal　　d. Ramon Magsaysay

10. Sa kauna-unahang pagkakataon, ang kanilang administrasyon ay binuo ng kasapi ng magkaibang partido:

   a. Manuel Roxas at Elpidio Quirino
   b. Ramon Magsaysay at Carlos P. Garcia
   c. Carlos P. Garcia at Diosdado Macapagal
   d. Ferdinand Marcos at Fernando Lopez

11. Sa panahon ng pangangasiwa ni Pangulong Macapagal na naghain ng pag-aangkin ang Pilipinas sa lupaing ito:

   a. Sabah　　c. *Spratly Island*
   b. East Timor　　d. *Kalayaan Island*

12. Siya ang namuno sa pagkakatatag ng MAPHILINDO:

   a. Ferdinand Marcos　　c. Carlos P. Garcia
   b. Elpidio Quirino　　d. Diosdado Macapagal

13. Ang lahat ng ito ay isinagawa ni Pangulong Diosdado Macapagal maliban sa isa:

   a. Nilagdaan ang *Bell Trade Act*.
   b. Pinagtibay ang *Agricultural Land Reform Code.*
   c. Inilipat ang petsa ng Araw ng Kalayaan mula Hulyo 4 sa Hunyo 12.
   d. Ginamit ang wikang Pilipino sa mga selyo, pasaporte at iba pang opisyal na komunikasyon.


14. Ang dahilan kung bakit tinaguriang *Infrastructure Man* si Pangulong Marcos.
    a. Ipinatupad ang paghihigpit laban sa ilegal na pagpapapasok sa Pilipinas ng mga produktong dayuhan.
    b. Pagpapatupad ng malawakang programa sa pagpapagawa ng mga kalye, tulay, patubig, paaralan, at iba pa.
    c. Pinagtibay ang programang pangkalusugan.
    d. Pagsupil at pagpigil sa karahasan.
15. Ang kauna-unahang pangulo na muling naihalal sa panguluhan.
    a. Carlos P. Garcia            c. Diosdado Macapagal
    b. Ferdinand E. Marcos      d. Ramon Magsaysay
16. Ang lahat ay dahilan ng kabataang aktibismo sa panahon ni Pangulong Marcos maliban sa isa:
    a. Pagsasamantala ng ilang mga pulitiko at pinuno ng bayan.
    b. Pagtaas ng halaga ng bilihin.
    c. Malawakang pagtaas ng mga matrikula sa mga paaralan.
    d. Pagpapadala ng mga Pilipino sa Vietnam.
17. Kilalang pinuno ng Partido Komunista.
    a. Nur Misuari      b. Ed Olaguer      c. Jose Ma. Sison      d. Luis Taruc
18. Ang pangunahing layunin ng *Moro National Liberation Fronto* (MNLF):
    a. Ihiwalay ang Mindanao sa kabuuan ng Pilipinas.
    b. Isulong ang mga adhikain ng Komunismo.
    c. Pabagsakin ang pamahalaang Marcos.
    d. Maghasik ng terorismo sa Luzon.
19. Dito naganap ang pinakamadugong pambobomba sa Kamaynilaan.
    a. Quirino Grandstand      c. Plaza Miranda
    b. Manila Hotel                d. Plaza Lawton
20. Ang panahon sa administrasyon ni Marcos na inilalarawan na panahon ng krisis pangkabuhayan at malawakang diskontento ng mga mamamayan.
    a. *First Quarter Storm*      c. panahon ng distabilisasyon
    b. *EDSA Revolution*          d. panahon ng krisis

**ARALIN 1**

**ANG PAMAMAHALA NI MANUEL A. ROXAS (1946-1948)**



Bilang pinakahuling pangulo ng Pamahalaang Komonwelt at unang pangulo ng Ikatlong Republika, naiatang sa balikat ni Pangulong Roxas ang napakalaking hamon ng paglutas sa mga pangunahing suliranin ng bansa dulot ng digmaan. Uunawain natin kung paano niya natanggap ang hamong ito.



Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makagagawa ng mga sumusunod:

1. Makatutukoy ang mga patakarang pangkabuhayan na ipinatupad ni Pangulong Manuel Roxas; at
2. Makapagbibigay ng mga dahilan kung bakit sinasabing maka-Amerikano si Pangulong Manuel Roxas.



**Article I. Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Article II. Ano ang naaalala mo tuwing Hulyo 4? Magtala ng tatlo.

1.)______________________________________________

2.)______________________________________________

3.)______________________________________________

**Section 2.01**

**Section 2.02**

***Section 2.03* Si Manuel Roxas Bilang Unang Pangulo ng Ikatlong Republika (1946- 1948)**

Sa kanyang ginawang talumpati noong Hulyo 4, 1946, bilang pangulo ng Ikatlong Republika, binigyang diin ni Pangulong Manuel Roxas ang dalawang pangunahing layunin ng kanyang administrasyon. Una ay mapalaki ang produksyon at maibangong muli ang industriyang winasak ng digmaan. Ikalawa, patuloy na pagsuporta sa mga adhikain tungo sa isang mapayapang daigdig sa pamamagitan ng pakikiisa sa Estados Unidos.



Bilang pagtugon sa kanyang unang layunin na lutasin ang mga suliraning pangkabuhayan, nagpatupad si Roxas ng mga programang pang-elektripikasyon, mga pagsasanay sa mga gawaing bokasyonal, at pag-aanyaya sa mga dayuhang kapitalista gaya ng mga Amerikano na magtayo ng kanilang negosyo dito sa bansa.

Maka-Amerikano si Roxas. Ito ay naging malinaw sa mga Pilipino noong inihayag niya sa kanyang talumpati na dapat sumunod ang mga mamamayan sa Estados Unidos at sa adhikain nito.


Di nagtagal, ang Pilipinas na isa nang Republika, at ang Estados Unidos ay nagsagawa ng kasunduan. Ito ay ang *Treaty of General Relations*. Ayon sa kasunduan, binawi at isinuko ng Estados Unidos ang kanyang pag-aari, pangangasiwa, pananakupan at kapangyarihan sa buong kapuluan maliban lamang sa mga base militar na mananatiling tagapagtanggol ng Pilipinas at Estados Unidos. Habang hindi pa nakapagtatatag ng serbisyong diplomatiko ang Pilipinas sa ibang bansa, kakatawanin muna ng Estados Unidos ang interes ng Pilipinas sa mga bansang wala itong kinatawan. Sa kabilang dako, pumayag ang Pilipinas na akuin ang lahat ng pagkakautang ng lungsod, munisipalidad at lalawigan na umiral noong Hulyo 4, 1946. Sumang-ayon din ang Pilipinas na ipagpatuloy ang lahat ng obligasyon ng Estados Unidos na nakapaloob sa kasunduan ng Paris, noong Disyembre 10, 1898.

Sa pamamagitan ng Kasunduang *General Relations*, opisyal na kinilala ng Estados Unidos ang kalayaan ng Pilipinas. Sa gitna ng pagtutol nina Luis Taruc, Claro M. Recto at Sergio Osmeña, naisulong ni Roxas ang pagpapatibay sa *Parity Rights* noong Marso 11, 1947. Ang susog na ito ay nagbigay ng pantay na karapatan sa mga Amerikano sa paglinang sa mga likas na yaman ng bansa. Bilang suporta kay Roxas pinagtibay naman ng kongreso ang *Bell Trade Act of 1946* na ipinanukala ni Kongresista Jasper Bell ng Missouri. Ito ay nagtatadhana ng pagkakaroon ng malayang kalakalan sa pagitan ng Pilipinas at Estados

Unidos mula Enero 1946 hanggang Hulyo 1954. Sa ilalim ng kasunduan, ang mga taripa sa iba't ibang produktong Amerikano at Pilipino ay taunang madaragdagan ng 5 % hanggang maging 100 % pagsapit ng 1974.

Bukod pa dito, nilagdaan din ni Pangulong Truman ang *Tydings Rehabilitation of Act 1946* na nagtatadhana ng pagtanggap ng Pilipinas ng $620 milyon mula sa ang Estados Unidos upang maipagawa ang mga napinsala ng digmaan at maibalik muli ang mga palingkurang-bayan.

Sa gitna ng pandaigdigang krisis at kaguluhan noong 1948, naanyayahang magpahayag ng katapatan si Pangulong Roxas sa Estados Unidos sa *Kelly Theater* sa *Clark Air Base* noong Abril 15, 1948. Kinagabihan, habang si Roxas ay nagpapahinga, siya ay inatake sa puso na naging sanhi ng kanyang maagang kamatayan.



**Article III. Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Article IV. Naniniwala ka ba na maka-Amerikano si Pangulong Roxas? Magbigay ng mga patunay.

Article V. ____________________________________________

____________________________________________________

____________________________________________________

____________________________________________________

__________



**Tandaan Mo!**

- May dalawang pangunahing layunin ang administrasyong Roxas: una ay ang mapalaki ang produksyon at maibangon muli ang mga industriyang winasak ng digmaan; at ikalawa ay patuloy na sumuporta sa mga adhikain na nagsusulong sa isang mapayapang daigdig sa pamamagitan ng pakikiisa sa Estados Unidos.
- Naipatupad sa panahon ni Roxas ang *Treaty of General Relations* sa pagitan ng Pilipinas at Estados Unidos.
- Ang *Parity Rights* naman ay nagbigay ng pantay na karapatan sa mga Pilipino at Amerikano sa paggamit ng mga likas na yaman ng bansa sa mga gawaing pang-industriya.
- Ang *Bell Trade Act of 1946* at *Tydings Rehabilitation of Act 1946* ay ilan sa mga batas na nilagdaan ng mga Amerikano para sa mga Pilipino noong panahon ng panunungkulan ni Pangulong Roxas.
- Hindi natapos ni Roxas ang kanyang panunungkulan sapagkat siya ay binawian ng buhay noong Abril 15, 1948 dahilan sa atake sa puso.



**Gawain 3: Paglalapat**

Sumulat ng talambuhay ni Manuel Roxas. Magsaliksik kung kinakailangan.

____________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

_______________________________________________________________

**ARALIN 2**

**ANG PAMAMAHALA NI ELPIDIO QUIRINO (1949-1953)**



Pagkalipas ng dalawang araw pagkamatay ni Pangulong Roxas, ang kanyang pangalawang pangulo na si Elpidio Quirino ay hinirang at nanumpa bilang, Pangulo ng Republika. Nang sumapit ang halalan noong Nobyembre 9, 1948, siya ay kumandidato at nagwagi. Naipagpatuloy niya ang pamumuno bilang Pangulo ng Republika. Tutunghayan natin ang paraan ng pamamahala ni Pangulong Quirino.



Article VI. Pagkatapos ng aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matutukoy ang mga pangunahing layunin ng pangasiwaan ni Pangulong Elpidio Quirino; at
2. Maiisa-isa ang mga nagawa ni Elpidio Quirino sa panahon ng kanyang panunungkulan.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Sa mga nakaraang modyul ay natalakay natin ang tungkol sa mga Huk. Natatandaan mo ba kung sino ang mga Huk? Saan at paano sila nagsimula? Magtanong ng karangalang impormasyon sa mga magulang o sa mga nakatatanda sa iyong barangay.

**Ang Pangasiwaang Quirino**




May dalawang pangunahing layunin ang pangasiwaan ni Pangulong Quirino. Una ay ang pagpapanumbalik tiwala ng mga taong bayan sa pamahalaan. Sa gitna ng kawalan ng tiwala ng taong bayan sa pamahalaan dahil sa malawakang katiwalian, tinanggal niya ang mga pinuno na napatunayang nagsasamantala sa katungkulan. Ipinagpatuloy ni Quirino ang pagpapaunlad sa kabuhayan ng bansa. Nagsikap din siyang makapagbigay ng karagdagang hanapbuhay sa libu-libong mga Pilipinong walang hanapbuhay. Ikalawa, layunin

din ni Quirino na maibalik ang kapayapaan at kaayusan sa bansa. Pangunahing suliraning pangkapayapaan ng bansa ay ang lumalalang pag-aalsa ng mga Huk. Ipinadala ni Quirino ang kanyang nakababatang kapatid na si Antonio Quirino upang himukin ang mga Huk na sumuko na at bumalik sa mapayapang pamumuhay. Hindi naging madali ang mga pangyayari dahil pinagdudahan ng mga Huk ang katapatan at sensiridad ng administrasyong Quirino. Ang suliranin sa mga Huk ay ganap na nabigyan ng kalutasan ni Ramon Magsaysay na noon ay siyang Kalihim ng Tanggulang Pambansa sa administrsyon ni Pangulong Quirino. Napasuko ni Magsaysay ang mga pinuno ng Huk at sa pamamagitan ng amnestiya, sila ay binigyan ni Quirino ng pagkakataong magbagong buhay sa Davao kung saan sila ay binigyan ng mga tirahan at lupang masasaka.

Ilan pa sa mga nagawa ni Pangulong Quirino ay ang mga sumusunod:

1. Pagtatatag ng PACSA (*Presidential Action Committee on Social Amelioration*) na naglalayong tulungan ang mga mahihirap na pamilya lalo na sa panahon ng kalamidad.
2. Pagtatatag ng ACCFA (*Agricultural Credit and Cooperative Financing Administration*) upang tumulong sa mga magsasaka na maipagbili ang kanilang mga produkto.
3. Pagtatatag ng mga bangko sa mga lalawigan upang magpautang ng puhunang salapi sa mga magsasaka.
4. Pagpapatibay ng batas na may kinalaman sa pagtataas ng sahod ng mga manggagawa.
5. Pinag-ibayo ang mabuting pakikipag-ugnayan sa ibang bansa sa Asya.
6. Paglagda ng Kasunduang Quirino-Foster na naglalayong isulong ang. Pagtutulungan ng Pilipinas at Amerika sa pagpapaunlad ng bansa .

Ang Amerika ay magbibigay ng salapi at tulong teknikal. Samantala, ang ambag naman ng Pilipinas naman ay ang mga manggagawa.



Article VII.

### Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Ilarawan mo ang mga sumusunod:

1. PACSA
2. ACCFA
3. Kasunduang Quirino-Foster



**Tandaan Mo!**

- Ang pagpapanumbalik ng pagtitiwala ng mga tao sa pamahalaan at ang pagbabalik ng kapayapaan at kaayusan sa bansa sa pamamagitan ng mabuting pakikitungo sa mga Huk ang mga pangunahing naiambag ni Pangulong Quirino.
- Ang pagtatatag ng PACSA at ACCFA ang ilan lamang sa mga programang ipinatupad ni Quirino.
- Sa panahon din ni Quirino naipatupad ang kasunduang Quirino-Foster na naglayong mapaunlad ang bansa sa pamamagitan ng tulong pinansyal at teknikal ng Amerika.



### Gawain 3: Paglalapat

Sa kasalukuyan, may mga samahan pa bang maihahalintulad mo sa mga Huk? Magbigay ng mga halimbawa ng mga samahang ito. Bakit inihambing mo ang mga ito sa Huk?

**ARALIN 3**

**ANG PAMAMAHALA NI RAMON MAGSAYSAY (1953-1957)**

Pagkatapos ng apat na buwang negosasyon sa mga Huk sa tulong ng emisaryong si Benigno S. Aquino Jr. na noon ay manunulat sa pahayagang *Sailig Mirror*, ganap na sumuko ang mga Huk sa pamumuno ni Luis Taruc kay Ramon Magsaysay na noo'y Kalihim ng Tanggulang Pambansa. Ang pangyayaring ito ay ganap na nagpahina sa samahan ng mga Huk. Gayundin, ang kaganapang ito ay lubhang nagpasikat kay Magsaysay. Dahil dito, nang ipinasya ni Pangulong Qurino na lumabang muli sa halalan noong 1953, hinikayat naman ng Partido Nasyonalista si Magsaysay na tumakbo rin sa pagka-pangulo. Tinalo ni Magsaysay si Quirino sa halalan ng Nobyembre 10, 1953 at siya ay hinirang na pangatlong pangulo ng Republika ng Pilipinas. Malaki rin ang naging tulong ng mga Amerikano sa kanyang pagkapanalo. Ito ay sa dahilang nagalit ang mga Amerikano kay Qurino nang tumanggi itong baguhin ang tadhana ng Kasunduang *Laurel-Langley* nang pagbayarin lamang ng 2 piso bawat isang dolyar ang mga namumuhunang Pilipino samantalang ang palitan noon ay 1 dolyar sa 2.80 piso. Subalit ang higit na mahalaga ay ang pagiging malapit ni Magsaysay sa mga mamamayan kung kayat siya ay kanilang minahal. Paano namuno si Pangulong Ramon Magsaysay? Tutuklasin mo iyon sa araling ito.

Pagkatapos ng aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipaliliwanag kung paano nakatulong ang usapin sa Huk sa pagiging pangulo ni Magsaysay;
2. Matutukoy ang mga dahilan kung bakit naging malapit si Pangulong Ramon Magsaysay sa mga mamamayan; at
3. Mailalarawan ang mga natanging proyekto at mga programang naitaguyod ni Pangulong Ramon Magsaysay.



**Article VIII. Gawain 1: Pag-isipan Mo**

Sang-ayon ka ba na tawaging Pangulo ng Karaniwang tao si Pangulong Ramon Magsaysay? Ano ang ibig sabihin ng karaniwang tao? Magbigay ng halimbawa.

**Ramon Magsaysay: Ang Pangulo ng Karaniwang Tao**



Isang natatanging araw sa kasaysayan ng mga Pilipino ang naganap na inagurasyon ni Pangulong Ramon Magsaysay. Sa kauna unahang pagkakataon ay nagsuot ng barong tagalog ang Pangulo ng Republika sa araw ng kanyang panunumpa. Maging si Carlos P. Garcia ang halal na Pangalawang Pangulo ay naka-barong tagalog din.

Bilang pangulo, pinagtuunan ng pansin ni Pangulong Magsaysay ang mga karaniwang tao. Iminulat niya ang mga mamamayan sa kanilang kakayahan na tulungan ang kanilang isipan at sa kabutihang maidudulot ng pagkakaisa at pagtutulungan. Upang ganap na maalis ang ligalig sa mga baryo ay ipinatupad ni Magsaysay ang mga sumusunod na programa:

1) Pamamahagi o pagbibili ng mga lupaing sakahan sa mga kasamang magsasaka o sa mga walang lupang sinasala.

2) Pagbibigay ng pautang sa mga magsasaka, pagsasaayos ng mga daan at tulay, at paglalaan ng tulong teknikal upang mapalaki ang produksyon.

3) Malawakang pagpapaunlad ng lingkurang-bayan sa mga baryo.

Dahil sa mga programang iyon, nabasan ang impluwensya ng mga Huk at ng kanilang ideolohiya maka-komunismo. Nanumbalik ang paniniwala ng mga kasapi ng Huk sa mga patakarang demokratiko at muling nakilahok sa mga programa ngpamahalaan.

Upang lalong magkaroon ng ganap na katuparan ang mga programang nabanggit, ipinasa ni Magsaysay ang *Agricultural Tenancy Act* noong 1954. Ito ay nagbibigay ng proteksyon sa mga magsasaka sa pamamagitan ng pagbibigay ng karapatan sa kanilang mamili ng sistemang nais nilang mamagitan sa kanila at sa may-ari ng mga lupang kanilang sinasaka. Pinagtibay din niya ang *Agricultural Tenancy Commission* at ang *Court of Agrarian Relations* upang mamagitan at ayusin ang mga usaping may kinalaman sa pagsasaka.


Si Pangulong Magsaysay ay tinaguriang pangulo ng masa. Ito ay sa dahilang inilapit niya ang pamahalaan sa mga karaniwang tao. Sa kabila ng malawakang pagbatikos sa kanya, binuksan niya ang Malakanyang ang mga ordinaryong tao. Inimbitahan at pinapasok sila sa Malakanyang sa takdang panahon. Pinalaganap niya ang nasyonalismo sa pamamagitan ng pagsusuot ng barong tagalog at pagsasalita ng wikang pambansa. Ipinakita rin niya ang kanyang pagmamahal at pagmamalasakit sa karaniwang tao sa pamamagitan ng pagsabay sa kanila sa pagkain, pagtulog sa mga ordinaryong papag at paglalakad nang nakabakya sa mga bukirin kasabay nila. Lagi din siyang handa sa mga nais magpakuha ng larawan na kasama siya. Itinatag din niya ang *Presidential Complaints and Action Committee* (PCAC) upang tumanggap ng mga karaingan ng mga ordinaryong mamamayan at maparating ito sa kanya, at mabigyan ng solusyon. Upang tugunanan ang mga pangangailangan ng mga pamayanang etniko, itinatag niya ang *Commission on National Integration* .

Sa panunungkulan ni Magsaysay, idinaos ang *Manila International Conference* of 1954 na nagbigay daan sa pagkakatatag ng SEATO (*South East Asian Treaty Organization*) noong Setyembre 1954.

Si Pangulong Magsaysay ang tinaguriang Tagapagligtas ng Demokrasya dahilan sa kanyang ginawang pagtataguyod sa demokrasya at pagliligtas sa Republika sa banta ng mga Huk. Isinagawa niya ito sa pamamagitan ng pagdinig sa mga pangangailangan ng mga magsasaka, pagpapaunlad ng mga kanayunan, at pagtuturo ng mga makabagong paraan sa pagsasaka.

Sa gitna ng kanyang mga programang isinasagawa upang maiayos ang lipunang Pilipino, naaksidente si Pangulong Magsaysay noong Marso 17, 1957. Mula sa Cebu patungong Maynila, bumagsak ang kanyang sinasakyang eroplano na naging sanhi ng kanyang maagang kamatayan. Naging maikli ngunit katangi-tangi ang apat na taon niyang panunungkulan bilang pangulo ng bansa.

**Article IX.**



**Article X. Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ano ang mga mahahalagang kaalamang iyong natutuhan?
Isulat sa patlang ang mga sagot:

1. Paano inalis ni Pangulong Magsaysay ang ligalig sa mga baryo?______________________________
2. Bakit tinagurian siyang "Tagapagligtas ng Demokrasya"?______________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang karaniwang tao ang naging pokus ng administrasyon ni Pangulong Ramon Magsaysay.
- Tinaguriang "Tagapagligtas ng Demokrasya" si Pangulong Magsaysay dahilan sa kanyang ginawang pagtataguyod ng demokrasya sa pamamagitan ng pagliligtas sa Republika sa banta ng mga Huk.
- Ipinatupad ni Magsaysay ang *Agricultural Tenancy Act* na nagbigay ng proteksyon sa mga magsasaka.
- Sa administrasyon ni Magsaysay naganap ang *Manila International Conference* of 1954 na nagbigay daan sa pagkakatatag ng SEATO noong Setyembre 8, 1954.
- Sa pamamagitan ng PCAC, napakinggan at nasolusyonan ni Magsaysay ang mga karaingan ng mga karaniwang tao.



**Gawain 3: Paglalapat**


May kilala ka bang pinuno ng pamahalaan sa kasalukuyang maaaring tawaging “Tagapagligtas ng Demokrasya” ? Paano mo siya maihahalintulad kay Pangulong Ramon Magsaysay? Sumulat ng isang sanaysay.

**ARALIN 4**

**ANG PAMAMAHALA NI CARLOS P. GARCIA (1957-1961)**



Ang naiwang walong buwang panunungkulan ni Pangulong Magsaysayay ay tinapos ng ikalawang pangulo na si Carlos P. Garcia na tumayong pang-apat pangulo ng Republika. Suriin natin kung naituloy niya ang mga adhikain ng hinalinhang pangulo.



Pagkatapos ng aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matutukoy ang pangunahing programang ipinatupad ni Pangulong Carlos P. Garcia;
2. Maipaliliwanag ang patakarang *Filipino First Policy* na isinulong ni Pangulong Garcia; at
3. Masusuri ang mga dahilan ng pagkatalo ni Garcia nang tumakbo itong muli bilang pangulo.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Narinig mo na ba ang katagang AUSTERITY? Ibigay ang kahulugan ng AUSTERITY at magbigay ka ng halimbawa sa iyong buhay. Ano ang kaugnayan nito sa ating paksa? Tuklasin mo sa susunod na teksto.

**Si Carlos P. Garcia at ang Patakarang Pilipino Muna**




Sinasabing ang halalan noong 1957 ang pinakamarumi at pinakamaingay na halalan sa kasaysayan ng bansa sa halalang iyon nagwagi si Carlos P. Garcia bilang ika-4 na Pangulo ng Republika ng Pilipinas. Sa halalang ito natalo ang pangalawang pangulo ni Garcia na si Speaker Jose Laurel Jr. at nagwagi ang kanyang kalabang si Diosdado Macapagal na mula sa Partido Liberal. Sa kaunaunahang pagkakataon sa kasaysayan ng bansa, ang pangulo at pangalawang pangulo ng bansa ay hindi kabilang sa isang partido sapagkat si mula sa Partido Nacionalista.

Batid ni Pangulong Garcia ang lumalalang suliraning pangkabuhayan ng bansa kung kayat isinentro niya ang lahat ng programa ng kanyang administrasyon sa pagtitipid. Ito ang tinatawag na *Austerity measures.* Ang iba pang layunin ni Garcia ay ang mga sumusunod:

1) Maiangat ang kalagayang pangkabuhayan ng Pilipinas sa pamamagitan ng *Filipino First Policy o* Pilipino Muna .
2) Maitaguyod ang dignidad ng mga Pilipino sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga dayuhan hinggil sa usapin ng pagkakapantay-pantay.
3.) Matamo ang pagkakapantay-pantay ng kabuhayan sa pamamagitan ng pagbibigay ng patas na pagpapahalaga sa agrikultura at industriya.
4.) Maitaguyod ang katarungang panlipunan at kagalingang panlahat. Mapigil, at kung maaari, ay mawakasan ang katiwalian sa pamahalaan.

Binuhay rin ni Pangulong Garcia ang kulturang Pilipino sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga gantimpala at parangal sa mga mahuhusay na Pilipino sa larangan ng sining, agham, at panitikan. Ang sikat na grupong Bayanihan ay kanya ipinadala sa ibang bansa upang ipakita ang iba't ibang katutubong sayaw ng mga Pilipino.

Bagamat mahusay at maayos ang programa ng pangasiwaan ni Pangulong Garcia, nagpatuloy naman ang mga suliraning dala ng pagsilang ng Ikatlong Republika. Ang mga ito ay ang patuloy na pagtaas ng mga presyo ng bilihin at mga katiwalian sa pamahalaan. Sinasabing ang mga malalapit sa Malakanyang ay biglang nagsiyaman samantalang daliang tumaas ang bilang ng mga naghihirap. Naragdagan din ang suliranin ng kapayapaan at kaayusan sa bayan. Ang mga ito ang sinasabing naging dahilan ng pagkatalo ni Pangulong Garcia sa halalan noong Nobyembre 14, 1961 laban sa kanyang pangalawang pangulo na si Diosdado Macapagal.



**Article XI. Gawain 2 : Pagpapalalim ng Kaalaman**

Sagutin mo ang mga tanong upang mapalalim ang iyong kaalaman.

1.) Bakit naging sentro ng pamamahala ni Pangulong Carlos P. Garcia ang pagtitipid? Sa palagay mo, mabisang paraan ba ang pagtitipid sa pamamahala ng bansa?

2.) Sa palagay mo, ano ang ginagawa ng pamahalaan kung ito ay Nagtitipid? Magbigay ng tatlong halimbawa.



**Tandaan Mo!**

- Sa panahon ng administrsyong Garcia, sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng bansa ang pangulo at pangalawang pangulo ay nagmula sa magkaibang partido pulitikal.
- Ipinatupad ni Garcia ang *Filipino First Policy o* Pilipino Muna upang mapatatag ang kabuhayan ng mga mamamayan.
- Natalo si Carlos P. Garcia ng kanyang pangalawang pangulong si Diosdado Macapagal nang muli siyang kumandidato sa panguluhan.



**Gawain 3: Paglalapat**


Paghambingin ang mga suliraning kinaharap ni Carlos P.Garcia at ang mga suliraning kinakaharap ni Pangulong Gloria Macapagal Arroyo sa ngayon. Ano ang nagbunsod sa kanila upang ipatupad ang pagtitipid o *Austerity Measures* ng pamahalaan? Isulat sa tamang hanay.

| Pangulong Carlos P. Garcia | Pangulong Macapagal- Arroyo |
|---|---|
| 1.)______________________________ | 1.)______________________________ |
| 2.)______________________________ | 2.)______________________________ |
| 3.) _____________________________ | 3.) _____________________________ |

## ARALIN 5
## ANG PAMAMAHALA NI DIOSDADO MACAPAGAL (1961-1965)



Sa paghahangad na magkaroon ng panibagong pag-asa, ibinoto ng mga mamamayang Pilipino si Diosdado Macapagal bilang panglimang pangulo ng Republika ng Pilipinas noong 1961. Sa kanyang talumpati sa kongreso noong Enero 22, 1962, inisa-isa ni Pangulong Macapagal ang kanyang mga layuning pangkabuhayan. Tunghayan natin sa araling ito ang sistema ng kanyang pamamalakad.



Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay:

1. Makapaglilista ng mga layuning pangkabuhayan na ipinatupad ni Pangulong Diosdado Macapagal;
2. Makapagpapaliwanag ng epekto ng *Decontrol Program* na isinulong ni Pangulong Macapagal; at
3. Makatutukoy ng mga pagbabagong ipinatupad ni Pangulong Macapagal sa panahon ng kanyang panunungkulan.



**Article XII. Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Article XIII. Para sa iyo, kailan dapat ipagdiwang ang araw ng kalayaan ng ating bansa, Hunyo 12 o Hunyo 4? Pangatwiranan ang iyong sagot. Alam mo bang si Pangulong Macapagal ang nagpalit ng araw ng pagdiriwang ng ating kalayaan at bakit?

**Section 13.01**

***Section 13.02*** **Pamahalaan ni Pangulong Macapagal**

Nilayon ng administrsyong Macapagal na ipinatupad ang mga sumusunod: Bigyan ng solusyon ang lumalalang suliranin ng kawalan ng hanapbuhay. Magkaroon ng sapat na pagkain para sa mamamayan tulad ng palay at mais. Magkaroon ng higit na pagkakakitaan para sa mga mamamayan. Mapataas ang antas na pamumuhay ng bawat mamamayang Pilipino.



Kasama sa mga unang binigyang pansin ni Pangulong Diosdado Macapagal sa kanyang panunungkulan ang suliranin tungkol sa mga lupang sakahan. Noong Agosto 8, 1963, pinagtibay ng kongreso and *Agricultural Land Reform Code o Reporma sa Lupang Pansakahan* na naglalayong mapabuti ang katayuan ng mga magsasaka. Ito ay inprubahan at ipinatupad kaagad ni Pangulong Macapagal.


Si Pangulong Macapagal din ang naglipat ng petsa ng Araw ng Kalayaan ng bansa sa Hunyo 12 sa halip na Hulyo 4. Kung ating gugunitain, ang pagpapahayag ng pagsasarili ng Pilipinas noong Hulyo 4, 1946 ay ginawa ni Pangulong Roosevelt ng Estados Unidos na natapat naman sa kaarawan ng kalayan ng Amerika. Ang Hulyo 12, 1898 ang petsa kung kalian ipinahayag ni Hen. Emilio Aguinaldo sa Kawit, Cavite ang kasarinlan ng mga Pilipino. Para kay Pangulong Macapagal, marapat lamang na ang Pilipino ang magdeklara ng kanilang kalayaan. Sa kasalukuyan, ang Hulyo 4 ay ipinagdiriwang bilang Araw ng Pagkakaibigan mga Pilipino at Amerikano.

Pinaunlad din ni Pangulong Macapagal ang Pilipino bilang Wikang Pambansa. Ipinagpatuloy niya ang pinasimulan ni Pangulong Quezon ng Komonwelt. Ipinag-utos niya ang paggamit ng Wikang Pilipinosa mga selyo, pasaporte, alituntunin sa trapiko at mga memo at kasulatang pang-diplomatiko.

Sa panahon ng administrasyonni Pangulong Macapagal, pormal na naghain ng pag-aangkin ang Pilipinas sa Sabah. Maalaaala sa modyul 2, na nais ng Pilipinas na muling mapasa atin ang Sabah sa dahilang sakop ito ng teritoryo ng Pilipinas. Bukod doon, sagana sa likas na yaman ang Sabah at maraming Pilipinong Muslim ang nakatira doon. Pinamunuan din ni Pangulong Macapagal ang pagtatatag ng *MAPHILINDO* o samahan ng Malaysia, Pilipinas at Indonesia upang mapanatili ang mapayapang pag-uugnayan sa pagitan ng tatlong bansa.

Nakilala ang katatagan ring ang katatagan nini Pangulong Macapagal sa paglutas iskandalong ginawa ni Harry Stonehill. Si Stonehill isang ay maimpluwensiyang mangangalakal na Amerikano na gumamit ng salapi upang makialam sa pamahalaan at mapalawak niya ang kanyang negosyo sa Pilipinas. Siya ay pinaalis at pinabalik sa Estados Unidos ni Pangulong Macapagal nang matuklasan ang mga kaganapang ito.

Sa administrasyon  ni Pangulong Macapagal, tinanggal ang regulasyong kumokontrol sa palitang piso sa dolyar, o ang *Decontrol Program*. Para kay Pangulong Macapagal, magbibigay daan ang programang ito sa panunumbalik ng sigla ng kumpetisyon at negosyo sa Pilipinas hindi lamang sa pagitan ng mga Pilipinong negosyante kundi maging sa mga dayuhan din. Ngunit sa halip na makatulong sa krisis pang-ekonomiya ng bansa hindi nakayanan ng mga Pilipinong negosyante ang kumpetisyon. Minabuti ng maraming Pilipinong negosyante na magsara na lamang ng kanilang pagawaan. Dito nagsimula ang unti-unting paghiwa ang mga industriyang Pilipino. Dahil sa nagdiskuntento ng mamamayan kay Macapagal hinggil sa mga programang pang-ekonomiya  siya ay natalo sa halalan noong 1965.



**Article XIV. Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ano ang mga epekto sa mga Pilipino ng mga sumusunod na programa ni Pangulong Macapagal:

1.) Layuning Pangkabuhayan________________________________

2.) *Dekontrol Program*____________________________________

3.) Reporma sa Lupang Pansakahan ng 1963__________________

4.) MAPHILINDO __________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Sa panunungkulan ni Pangulong Diosdado Macapagal pinagtibay ng kongreso ang *Agricultural Land Reform Code* na naglalayong mapabuti ang katayuan ng mga magsasaka.
- Inilipat ni Macapagal ang petsa ng kalayaan ng Pilipinas mula sa Hulyo 4 sa Hunyo 12.
- Sa administrasyon ni Pangulong Macapagal pormal na naghain ng pag-aangkin ang Pilipinas sa Sabah.
- Pinamunuan ni Macapagal ang pagtatatag ng MAPHILINDO o Samahan ng Malaysia, Pilipinas at Indonesia.
- Naging balakid sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa ang *Decontrol Progam* na itinataguyod ni Pangulong Macapagal.



**Gawain 3: Paglalapat**


Sa iyong palagay, nagbunga ba ang pinasimulang programa ni Pangulong Macapagal sa repormang pansakahan? Anong programa sa kasalukuyan ang nagsimula sa *Agricultural Land Reform Code* na isinulong ni Pangulong Macapagal? Ipinaliwanag mo ang iyong nalalaman tungkol sa *Comprehensive Agrarian Reform Program* o CARP.

**ARALIN 6**

**ANG PAMAMAHALA NI FERDINAND E. MARCOS (1965-1986)**



Dahil sa sentimyento at diskontento ng mga mamamayan sa patuloy na lumulubhang krisis pang-ekonomiya ng bansa sa ilalim ng pamahalaang Macapagal, nanalo sa halalan noong 1965 si Senador Ferdinand E. Marcos. Dala ang pangako ng reporma sa lupa, trabaho, pagbaba ng presyo ng bilihin, pagtaas ng sahod, pag-aalis ng nepotismo at katiwalian sa serbisyong pampamahalaan, ipinangako ni Pangulong Marcos na "Ang Pilipinas ay muling magiging dakila". Ito ay kanyang ipinahayag sa araw ng kanyang inagurasyon. Si Marcos at Fernando Lopez ang kauna unahang pangulo at pangalawang-pangulo ng Pilipinas na nanumpa sa tungkulin sa Wikang Pilipino.



Article XV.

**Article XVI.** Inaasahang pagkatapos ng aralin ay magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Mapaghahambing ang naging pangangasiwa ni Pangulong Ferdinand E. Marcos sa kanyang una at ikalawang termino; at
2. Makapaglalarawan ang iba't ibang suliraning pambansa na lumitaw noong ikalawa niyang termino.



**Article XVII. Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Article XVIII. Maaaring narinig mo na kung sino si Pangulong Ferdinand E. Marcos. Magbigay ng ilang deskripsyon tungkol sa kanya.

1.) ____________________________________________

2.) ____________________________________________

3.) ____________________________________________

**Ang Unang Termino ng Pamahalaang Marcos (1965-1969)**



Si Pangulong Marcos ang may pinakamahabang panahon sa pagiging pangulo ng Pilipinas. Umabot siya ng dalawampung taon sa puwesto. Dalawang magkasunod na termino ang kanyang panunungkulan. Sa parehong pagkakataon, siya ay inihalal ng taong bayan.

Sa kanyang unang termino, sinikap ni Pangulong Marcos na mapabuti ang pananalapi ng bansa sa pamamagitan ng pinag-ibayong pangongolekta ng buwis, at pangungutang sa iba't ibang dayuhang institusyon ng pananalapi. Narito ang kanyang mga nagawa sa unang apat na taon ng kanyang panunungkulan:

1. Pagpapatupad ng programa sa malawakang pagpapagawa ng mga imprastraktura gaya ng mga kalsada, tulay, patubig, paaralan, LRT, at iba pa. Ito ang naging dahilan kung bakit siya tinawag na *Infrastructure Man*.
2. Paghihigpit sa ilegal na pagpasok ng mga produktong dayuhan.
3. Pagtulong sa mga magsasaka upang maparami ang ani ng bigas.
4. Pagbibigay ng pahintulot sa mga Pilipino na magtungo sa China.
5. Pagpigil sa karahasan.
6. Pagpapalaganap nang maayos na serbisyong pangkalusugan sa mga pook rural.
7. Pagpupulong sa internasyonal Maynila noong Oktubre 24-26, 1966 na naglalayong mapalakas ang ugnayan ng Pilipinas sa mga dayuhang Komunistang bansa sa relihiyon. Kabilang sa mga dumalo rito ay mga bansang Amerika, Australia, New Zealand, Timog Korea, Thailand at Timog Vietnam.
8. Pagpapadala ng mga inhinyero, doctor at mga sundalo sa *Vietnam* upang tulungan ang mga biktima ng digmaan at suportahan ang

Estados Unidos. Tinawag ang grupong ito na PHILCAG o (*Philippine Civic Action Group).*

**Ang Ikalawang Termino ni Pangulong (1969-1972)**

Noong 1969, sa gitna ng malawakang pagbatikos na ginamit niya ang makinarya ng pamahalaan sa kanyang kampanya, muling nanalo si Pangulong Marcos bilang pangulo at si Fernando Lopez, bilang pangalawang pangulo ng Pilipinas. Naging kauna-unahang pangulo na naihalal muli sa tungkulin sa pangalawang termino sa Pangulong Marcos.

Taliwas sa mga magagandang nagawa ni Marcos sa kanyang unang termino, sa ikalawa niyang termino ay lumubha ang malalaking suliraning pambansa: Isa-isahin natin ang mga makasaysayang pangyayaring naganap sa panahong ito.

1. ***Pagsilang ng Aktibismo***

Dahilan sa malawakang pagsasamantala ng ilang pulitiko naging isang malaking puwersa ang mga mag-aaral. Naging laman sila ng mga lansangan at doon ipinarinig ang kanilang puna at batikos sa maraming bagay gaya ng: patuloy na lumalaganap na katiwalian sa pamahalaan; paglabag sa karapatang pantao; pagtaas ng *tuition fee;* militarisasyon at pang-aabuso ng mga military; ang pananatili ng base militar ng Estados Unidos; at mga maling patakaran ng pamahalaan. Tulad ng maraming Pilipino, hiniling ng mga mag-aaral na magkaroon ng saligang-batas na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga Pilipino at naaayon sa panahon. Sa simula, ang mga *rally* at demonstrasyon ay naging tahimik subalit di nagtagal ang mga ito maging marahas at magulo at nahaluan ng ideolohiya ng kumunismo. Nang lumaon naging madugo ang labanan sa pagitan ng mga estudyante at alagad ng batas at militar. Ang pinakamadugong labanan ay naganap noong Enero 30, 1970, nang pilitin ng mga mag-aaral na pasukin ang Malakanyang. Anim na mag-aaral ang napatay at di mabilang ang sugatan. Ang pangyayaring ito ang tinawag na Labanan sa Mendiola.

Naging sunud-sunod ang mga welga at demonstrasyon na isinagawa ng mga mag-aaral at manggagawa, bunsod ng lumalalang krisis pangkabuhayan at diskuntento ng mamamayan. Ang panahong ito ang kinilala sa kasaysayan na *First Quarter Storm*.

2. ***Suliranin sa Pambansang Kapayapaan at Kaayusan***

Lumaganap din ang krimen sa bansa. Dumami ang walang lisensyang mga baril. Naglitawan ang mga *private armies* ng mga pulitiko.Tumaas din ang bilang ng mga mamamayang naghihirap. Samantala ang mga Marcos *cronies* (kamag-anak, kaibigan at kapartido) ay gumamit ng kapangyarihan at karahasan upang maisulong ang kani-kanilang pansariling interes at kapakanan.

3. ***Impluwensya ng Komunista***

Dahilan sa lumalalang sitwasyon ng mga mahihirap, ang mga halos nalupig na Huk sa panahon ni Pangulong Magsaysay ay muling bumangon at nagtatag ng *Communist Party of the Philippines* (CPP) or Partido Komunista ng Pilipinas. Nabuo ang komunistang gerilya - ang *New People's Army* (NPA)- sa pamumuno ni Jose Ma. Sison. Maraming nahikayat na lumahok dito kabilang na ang mga matatalinong estudyante, magsasaka, manggagawa at maging mga propesyonal at intelektual. Malawakan ang mga demonstrasyon na isinagawa ng mga kabataan. Sa kanilang pagmamartsa, sila ay may dalang pulang bandila at sumisigaw ng mga katagang laban sa pamahalaan habang nakataas at nakatikom ang kanilang mga kamao. Kalimitang natatapos sa karahasan ang mga demonstrasyong ito.

4. ***Pagsilang ng MNLF***

Ang MNLF o ang *Moro National Liberation Front*, ay naitatag noong kalagitnaan ng 1970 ni Nur Misuari, isang Muslim at dating mag-aaral ng


Unibersidad ng Pilipinas. Sa mahabang panahon, nagtanim ng hinanakit ang mga Muslim sa pamahalaan dahil inakala nilang sila ay pinabayaan na. Kaya't ang naging pangunahing layunin ni Misuari ay humiwalay ang Mindanao sa Pilipinas at maitatag ang isang nagsasariling rehiyon na tatawaging *Bangsa Moro Republic*. Maraming taon ding nagtagal ang madugong labanan sa Mindanao sa pagitan ng MNLF at Sandatahang Lakas ng Pilipinas o *Armed Forces of the Philippines (AFP).*

Sa pagnanais na wakasan ang umiiral na tunggalian sa pagitan ng mga Muslim, humingi ng tulong si Pangulong Marcos sa iba pang bansang Muslim. Isang kasunduan na may layuning wakasan ang alitan sa pagitan ng pamahalaan at MNLF ang isinagawa noong Disyembre 26,1976 sa Tripoli, Libya. Ito ay tinawag na *Tripolis Agreement*. Naipatupad ang tigil-putukan o *ceasefire* noong Enero 20, 1977.

5. Mga Pambobomba sa Kalakhang Maynila.

   Sa gitna ng paghahanda para sa halalang lokal ng mga senador at pinuno ng mga bayan at lalawigan noong 1971, naganap ang marahas at madugong pambobomba sa Kalakhang Maynila. Noong Agosto 21, 1971, ang Partido Liberal, mga oposisyon na pinamumunuan ni Senador Gerardo Roxas, ay nagsagawa ng proklamasyon sa Plaza Miranda sa Quiapo, Maynila. Ang proklamasyong ito ay dinaluhan ng halos lahat ng mataas na pinuno ng partido maliban kay Benigno Aquino Jr. Ang araw na ito ay naging mahalaga para sa kasaysayan ng bansa dahilan sa dalawang granada ang ibinato sa entablado na naging dahilan ng pagkamatay ng walong katao at pagiging sugatan ng iba pang dumalo sa proklamasyon. Hindi rito nagwakas ang pambobomba, sinundan pa ito ng pagbomba sa *Joe's Department Store* sa Avenida Rizal, Maynila at sa *Cultural Center of the Philippines.* Sinasabing ang grupong *Light a Fire Movement* nina Ed Olaguer at Steve Psinakis ang responsable sa mga pambobombang naganap. Dahil sa nangyari sa Plaza Miranda, sinuspinde ni Pangulong Marcos ang pribilehiyo ng *Writ of Habeas Corpus* sa bisa

ng Proklamasyon Blg. 889. Ang pribilehiyong ito ang nagbibigay ng karapatan sa isang taong nadakip at ikinulong na itanong sa hukuman kung makatwiran o ayon sa batas ang ginawang pagdakip at pagkulong sa kanya. Sinuspinde ang pribilehiyong ito upang madaling madakip ang mga pinaghihinalaang kasangkot sa pambobola at upang mabawasan at matigil ang karahasan na lumalaganap sa bansa.



**Article XIX. Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

**Article XX.** Paghambingin ang nauna at ikalawang termino ni Pangulong Ferdinand E. Marcos.

| Unang Termino (1965-1969) | Ikalawang Termino(1969-1974) |
|---|---|
| 1.)____________________________ | 1.)____________________________ |
| 2.)____________________________ | 2.)____________________________ |
| 3.) ___________________________ | 3.) ___________________________ |



**Tandaan Mo!**

- Si Marcos ang kauna-unahang pangulo na naihalal muli sa kasaysayan ng bansa.
- Tinaguriang "Infrastructure Man" si Marcos dahil sa maraming mga tulay, kalsada, at patubig na kanyang naipagawa sa kanyang unang termino.
- Ang mga sumusunod na suliranin ang naganap sa ikalawang termino ni Marcos:
    a. Pagsilang ng aktibismo.
    b. Suliranin sa Pambansang Kapayapaan at Kaayusan
    c. Pagiging aktibo ng mga Komunista
    d. Pagsilang ng MNLF
    e. Pambobomba sa Kalakhang Maynila



**Gawain 3: Paglalapat**

Para sa iyo alin sa mga pambansang suliranin na umusbong sa panahon ni Marcos ang patuloy na nakakaapekto sa ating kabuhayan? Ipaliwanag mo. Maaari kang magtanong sa iyong mga magulang.



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

- Sa pagsisimula pa lamang ng Republika, marami na itong kinaharap na krisis tulad ng: di ganap na malayang pamamahal gawa ng impluwensya ng Amerika; krisis sa kabuhayan ; kakulangan ng pondo ng pamahalaan, katiwalian sa pamamahala, di ganap na kapayapaan at kaayusan ng bansa; di ganap ng pagkakaisa ng mga mamamayan; at pagbaba ng moralidad
- Bawat naging pangulo ng Republika ng Pilipinasay nagsikap na matugunan ang napakaraming hamon ng pagsasarili at pagiging malaya.
- Iba't iba ang naging pamamaraan ng pagtugon ng bawat panguluhan sa mga suliranin ng bansa. May mga programang nakatulong sa pagbabago ng bansa at mayroon din namang nagdulot pa ng mas malalaking suliranin sa pamayanan.



**PANGHULING PAGSUSULIT**

I. Unang Bahagi: Isulat ang titik ng tamang sagot.

| | I | II |
|---|---|---|
| ____________ | 1. Tinaguriang Pangulo ng karaniwang tao | a. Manuel Roxas |
| ____________ | 2. Nagpatupad ng Bell Trade Act. | b. Nur Misuari |
| ____________ | 3. Nagtatag ng PACSA. | c. Elpidio Quirino |
| ____________ | 4. Nagsimula ng *Filipino First Policy*. | d. Carlos P. Garcia |
| ____________ | 5. Nagsulong ng *Agricultural Land Reform Act*. | e. Jose Ma. Sison |
| ____________ | 6. Ang kauna-unahang Pangulo na nagkaroon ng dalawang termino. | f. Diosdado Macapagal |
| ____________ | 7. Namuno sa CCP o *Comunist Party of the Philippines*. | g. Ramon Magsaysay |
| ____________ | 8. Nagtatag ng MNLF. | h. Ferdinand Marcos |

II. Ikalawang Bahagi: Ibigay ang kahulugan.

1. *Austerity measures*
2. *Writ of  habeas corpus*
3. *Treaty on General Relations*
4. Amnestiya
5. Programang Pang-imprastrktura
6. MAPHILINDO

III. Ikatlong Bahagi: Pangangatwiran Mo:

1. Naging maka-Amerikano ba si Manuel Roxas?
2. May maganda bang nangyari sa panahon ni Ferdinand Marcos?
3. Maituturing bang pinakamahusay na pangulo si Ramon Magsaysay?
4. Naging mabuti ba para sa Pilipinas ang Quirino-Foster?
5. May katwiran ba ang *Filipino First Policy* ni Carlos P. Garcia?
6. May impluwensya ba si Diosdado Macapagal sa repormang pansakahan?



## GABAY SA PAGWAWASTO

### PANIMULANG PAGSUSULIT

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. c | 6. a | 11. a | 16. d |
| 2. a | 7. d | 12. d | 17. c |
| 3. a | 8. d | 13. a | 18. a |
| 4. c | 9. c | 14. b | 19. c |
| 5. d | 10.c | 15. b | 20. c |

### ARALIN 1:Pamamahala ni Manuel Roxas

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Maaaring Sagot:

1. Araw ng Kalayaan ng Estados Unidos.
2. Araw ng Kalayaan ng Pilipinas.
3. Kilala bilang *Fil-American Friendship Day*.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Maaaring isagot mo:

Oo, maka-Amerikano si Pangulong Roxas: Ang mga patunay ay:

1. Pagsasabi sa mga Pilipino na suportahan at makiisa tayo sa Estados Unidos sa talumpati niya noong Hulyo 4, 1946.
2. Paglagda sa *Treaty of General Relations.*
3. Paglagda sa Parity Rights of 1947.
4. Pagsuporta sa Bell Trade Act of 1946.
5. Pagsuporta sa Tydings Rehabilitation Act of 1946.

**Gawain 3: Paglalapat**

Ang iyong sagot ay depende sa iyong mga nasaliksik hinggil sa buhay ni Manuel Roxas. Ipatsek ang isinulat mong talambuhay sa gurong tagapamahala ng modyul na ito.

**ARALIN 2 Pamamahala ni Elpidio Quirino**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Sa mga nakaraang modyul ay natalakay na kung sino ang mga Huk. Nabuo ang organisasyong Hukbong Bayan Laban sa mga Hapon noong panahon ng Hapones. Ang layunin ay tumulong sa pakikidigma sa mga Hapones. Nang lumaon, pagkatapos ng digmaan, nagpatuloy ag organisasyon bilang Huk, na ang layunin ay makipaglaban sa mga mayayamang nagmamay-ari at nangangamkam ng mga sakahan ng mahihirap na magsasaka. Ipinaglaban nila ang tungkol sa mga isyung pansakahan at reporma laban sa pag-abuso sa mga magbubukid subalit sa marahas na paraan.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Mga Sagot:

1. PACSA – pagtulong sa mga mahihirap sa panahon ng kalamidad.
2. ACCFA – tulong pinansyal sa mga magsasaka sa pamamagitan ng pagpapautang ng capital (pera).
3. Kasunduang Quirino-Foster – pakikipagtulungan sa Estados Unidos sa mga gawaing pang-ekonomiya.

**Gawain 3: Paglalapat**

Maaaring sagot ay ang mga NPA o *New Peoples Army* sa dahilan na pareho ang layunin at pamamaraan sa pagsulong ng pagbabago par sa magsasaka

**ARALIN 3. Pamamahala ni Ramon Magsaysay**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Maaari ngang tawagin si Pangulong Ramon Magsaysay na pangulo ng karaniwang tao. Ang karaniwang tao ay kinabibilangan ng mga walang mataas na posisyon sa gobyerno, mga mahihirapna magsasaka at mangagawa, at may

simpleng pamumuhay. Binigyan sila ng respeto ni Pangulong Magsaysay at binigyang pansin ang kanilang mga karaingan.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Inalis ang ligalig sa baryo sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga magsasaka, pag-unawa sa mga suliranin ng mga Huk, at pagpapatupad ng mga patakarang nagpaunlad sa mga kanayunan.
2. "Tagapagligtas ng Demokrasya" ang turing kay Magsaysat dahil nailigtas niya ang Republika sa banta ng Komunismo, na siyang ideolohiya ng mga Huk.

**Gawain 3: Paglalapat**

Ang iyong kasagutan ay batay sa sarili mong obserbasyon at katwiran. Ipatsek sa gurong tagapamahala ng modyul ang iyong sanaysay.

**ARALIN 4. Pamamahala ni Carlos P. Garcia**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

*Austerity*: nangangahulugang ito ng pagtitipid. Kapag nagtiis na hindi gumastos nang maluho ang nanay mo dahil s kulang ang badyet s tahanan, *austerity* din ang tawag diyan.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Maaring Sagot:

1. Lumubha ang kalagayan ng Pilipinas sa panahon ni Pangulong Garcia. Kinailangang magtipid ang pamahalaan upang may magamit na pondo sa mga serbisyo publiko. Mabisang paran ang pagtitipid sa pamahalaan kung walang katiwaliang nagaganap.
2. a. Hindi tataasan ang sweldo ang mga opisyal.

b. Hindi bibili ng mahal na makinarya, sasakyan at kagamitan ang mga pamahalaang lokal at nasyonal.

c. Mamumuhay nang simple lamang ang mga opisyal at hindi gagastos sa pangingibang-bayan at maluhong kasanayan.

**Gawain 3: Paglalapat**

| Pangulong Carlos P. Garcia | Pangulong Macapagal- Arroyo |
|---|---|
| 1.) Mababang pambansang kita | 1.) Kakulangan sa pondo ng gobyerno (deficit) |
| 2.) Katiwalian sa pamahalaan (*Graft and corruption*) | 2.) Katiwalian sa pamahalaan (G*raft and corruption*) |
| 3.) Kakulangan sa pondo (*deficit*) ng pamahalaan | 3.) Lumalaking pagkakautang na panlabas. |

**ARALIN 5. PAMAMAHALA NI DIOSDADO MACAPAGAL**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ang Hulyo 4 ay itinakda ng mga Amerikano bilang pagdiriwang din ng Kalayaan ng Estados Unidos. Ang Hunyo 12 ay mas karapat-dapat dahil ito ang petsa ng pagtatatag ng Unang Republika at nanggaling sa mga Pilipino ang deklarasyon ng kalayaan.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1.) Layuning Pangkabuhayan – Nilayon ng administrasyong Macapagal ang pagpaparami ng hanapbuhay ng mga magsasaka sa kanayunan gayun din ang mga mamamayan sa mga syudad.

2.) *Dekontrol Program* – Dahil dito, nagsimulang lumiit ang halaga ng piso kumpara sa dolyar, at dahil sa bumaba ang halaga ng piso, marming dayihang nagsimulang mamuhunan sa bansa, at lumakas ang

kumpetisyon sa negosyo. Natalo sa kumpetisyong ito ang mga negosyanteng Pilipino.

3.) Reporma sa Lupang Pansakahan ng 1963 – Ito ang naging batayan ng mga susunod pang reporma sa lupa hanggang sa kasalukuyan. Nagkaroon ng pagkakataong makapagmay-ari ng lupng sinasaka ang mga magsasaka.

4.) MAPHILINDO – Kinilal ang liderato ng mga Pilipino sa pagsusulong ng mga mithiin ng mga magkakaratig-bansa sa Silangang Asya. Lumawak ang pakikipag-ugnayan natin sa mga kapwa Asyano.

**Gawain 3: Paglalapat**

Maaring may alam ka tungkol sa CARP o *Comprehensive Agrarian Reform Program* ang nagpapatuloy ng nasimulang programa sa pansakahan. Dahil ditto maraming maliliit na magsasaka ang nagkaroon ng lupa at maaaring tumaas ang antas ng kabuhayan. Sa inyo bang lugar ay may naging benepisyo ng CARP? Kausapin mo sila.

**ARALIN 6**

**Pamamahala ni Ferdinand E. Marcos**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

1. Isa sa pinakamatalinong pinuno na naging pangulo ng Pilipinas.
2. Inabot ng 20 taon bilang pangulo ng Pilipinas.
3. Nagdeklara ng Batas Marsyal (*Martial Law.*)

Maaari ring sago tang sumusunod:

1. Napatalsik ng Unang *People Power Revolution* sa EDSA
2. Namatay sa Hawaii at nakaburol pa hanggang ngayon sa Paoay, Ilocos Norte.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

| Unang Termino ni Pangulong Marcos (1965-1969) | Ikalawang Termino ni Pangulong Marcos (1969-1974) |
|---|---|
| 1.) Pagtatayo ng malalaking imprastraktura.<br>2.) Pagsusulong ng maaayos na Serbisyong pampubliko.<br>3.) Pagtulong sa pagpapalaki ng produksyon sa pagkain at pagsasaka | 1.) Maraming mararahas at madugong demonstrasyon.<br>2.) Kaguluhang panlipunan dulot ng mga pambobomba at paglaganap ng komunismo.<br>3.) Paglawak ng aktibismo. |

Maaari mo pang dagdagan ang talahanayan.

**Gawain 3: Paglalapat**

1. Ang suliranin ng pagkakautang sa mga dayuhan ay patuloy nating hindi nalulutas.
2. Ang suliranin sa Mindanao at sa mga lugar kung saan may mga NPA ay patuloy nakakaapekto sa katiwasayan ng bansa.
3. Ang pagbagsak ng ekonomiya na nagsimula noong huling termino ni Pangulong Marcos ay patuloy nating pinagtitiisan.

**PANGHULING PAGSUSULIT**

I. Unang Bahagi:

1. g
2. a
3. c
4. d
5. f
6. h
7. e
8. b

II. Ikalawang Bahagi:

1. Pagsusulong ng pagtitipid sa pamahalaan at mga mamamayan.
2. Nagbibigay ng karapatan sa isang taong nadakip at kinulong na itanong sa hukuman kung makatwiran o ayon sa batas ang ginawang pagdakip at pagkulong sa kanya.
3. Ayon sa kasunduang ito, binawi at isinuko ng Estados Unidos ang kanyang pag-aari, pangangasiwa, pananakupan at kapangyarihan sa buong kapuluan maliban lamang sa mga base militar.
4. Pagbibigay ng pagkakataon sa mga sumukong Huk na magbagong buhay sa tulong ng pamahalaan.
5. Pagpapagawa ng mga kalsada, tulay, pamilihan at iba pang gusali na makakatulong sa pag-unlad ng pamilihan.
6. MAPHILINDO – organisasyon ng mga bansa sa Asya na binubuo ng Malaysia, Philippines at Indonesia.

III. Ikatlong Bahagi:

1. Oo, Naging maka-Amerikano dahil ang mga programang inilunsad niya ay pawing may impluwensya ng mga Amerikano gaya ng *Treaty on General Relation, Parity Rights, Bell Trade Act,* at *Tydings Rehabilitation Act.*
2. Mayroon. Nasimulan sa administrasyong Marcos ang pagpapalawak ng imprastraktura at teknolohiya sa bansa ng hanggang ngayon ay nagagamit natin.
3. Pinakamahusay siya sa pagiging maka-mahirap at paggalang sa karaniwng tao.
4. Naging mabuti . Ang tulong pinansyal at teknikal mula sa mga Amerikano ay nakapagdulot ng paglinang sa kasanayang teknikal ng mga Pilipinong manggagawa.
5. Tama ang mga Pilipino sa ating bansa at dapat unahin ang paglinang ng ating mga produkto upang umangat an gating kabuhayan.
6. Sa panahon ng pamamahala ni Diosdado Macapagal nailatag ang patakaran sa reporma sa lupa na naging batayan ng kasalukuyang CARP.